

Paano Laruin Blackjack

Gawing itong masaya.

Alamin kung paano maglaro bago ka magsimula.

Ang Paglalaro ng Blackjack

Ang Blackjack, o kilala rin bilang 21, ay isang sikat na laro sa casino kung saan ikinukumpara ng mga manlalaro ang kanilang mga baraha sa baraha ng dealer o tagabigay ng baraha. Upang manalo, kailangang magkaroon ka ng baraha na may mas mataas na total kaysa sa bahara ng dealer – nang hindi lumalampas sa 21.

Sa simula ng bawat laro, ilalagay mo ang iyong taya sa loob ng betting box o kahon para sa taya sa harapan kung saan ka nakaupo sa mesa. Pagkatapos mailagay ang lahat ng taya, bawat manlalaro ay bibigyan ng dalawang bahara na nakabukas. Ang dealer ay tatanggap ng isang baraha na nakabukas at ang baraha ng dealer ay kukumpletuhin kapag ang lahat ng manlalaro ay nakatanggap na ng kanilang baraha.

Simple lang ang paraan para malaman kung ano ang puntos ng ang iyong bahara: ang face cards o mga barahang may tao (King, Queen at Jack) ay may katumbas na 10. Ang mga barahang may numero ay katumbas ng numero na nakasulat sa baraha, at ang katumbas ng Alas ay maaaring 1 o 11.

Kung ang unang dalawang baraha mo ay may total na 21, panalo ka dahil meron kang Blackjack na babayaran nang 3 sa 2 sa iyong taya. Kung ang dealer ay meron ding Blackjack, pwede kang mag-push (tie o patas). Kung ikaw na ang titira, kailangang pumili ka kung ikaw ay maghi-hit (kukuha ng isang baraha), o stand (tapusin ang iyong tira) upang makabuo ng baraha na may total na mas pinakamalapit sa 21 – nang hindi nagba-busting (paglampas sa 21). Kung ang dealer ay lumampas sa 21, lahat ng mga manlalaro na may 21 o mas mababa ay panalo. Kung hindi, ang kabuuang puntosng dealer ay ikukumpara sa total ng bawat manlalaro. Ang lahat ng panalong taya ay babayaran ng patas (isa sa isa).

Mga salita na dapat malaman

Blackjack: kung ang unang dalawang baraha na natanggap ay may kabuuan na 21 (alinman sa Alas at 10, o Alas at barahang may tao).

Soft hand: grupo ng mga baraha na may Alas at may dalawang posibleng total (depende kung ang katumbas ng Alas ay 1 o 11) alinman sa dalawa ay hindi lumalampas sa 21.

Hard hand: grupo ng mga baraha na walang Alas o baraha kung saan ang katumbas ng Alas ay 1.

Hit or Draw: gusto mo ng isa pang baraha. Kumuha ng isa o higit pang mga baraha upang mas pagandahin ang iyong baraha.

Stand: masaya ka na sa iyong mga baraha at ayaw mo nang kumuha ng iba pang baraha.

Double Down: doblehin ang iyong orihinal na taya at tumanggap ng isa pang baraha.

Splitting Pairs: kung may dalawa kang baraha na may magkatumbas na value sa isang grupo ng iyong baraha, maaari mo itong hatiin sa dalawang magkaibang grupo ng mga baraha. Sa paghati ng mga baraha, kailangan mong maglagay ng dagdag na taya na katumbas ng iyong orihinal na taya.

Surrender: kung hindi mo gusto ang iyong dalawang orihinal na baraha, maaari kang sumurender o sumuko. Kukuhanin ng dealer ang kalahati sa iyong orihinal na taya at tatanggalin ang iyong mga baraha. Maaari kang sumurender sa anumang dalawang orihinal na baraha, maliban kung ang dealer ay may Alas.

Insurance: kung ang bukas na baraha ng dealer ay Alas, maaari mong i-insure o ipaseguro ang iyong taya laban sa posibilidad na maaaring ang huling baraha ng dealer ay isang Blackjack. Maaari mong itaya ang kalahati ng iyong orihinal na taya. Kung Blackjack ang makukuha ng dealer, ang taya sa insurance ay babayaran ng 2 sa 1. Kung ang baraha ng dealer ay hindi Blackjack, mawawala ang iyong taya sa insurance.

Bust o Broke: ang kabuuan ng iyong mga baraha ay 22 o higit pa.

Bayad

Ang lahat ng panalong taya ay babayaran nang patas maliban sa Blackjack, na babayaran ng 3 sa 2. Kapag mayroong push, maaari mong makuha ang iyong orihinal na taya

Talo ng Blackjack (dalawang baraha na may total na 21) ang lahat ng kombinasyon ng baraha na may total na 21. Ang dalawang baraha na may total na 21 sa split na baraha ay hindi isang Blackjack.

Tandaan – may mga maliliit na kaibahan sa mga patakaran ng bawat casino. Maaari mong tanungin ang Dealer para linawin ang mga ito.

Pagsusugal kasama ang GameSense

Ang Blackjack ay isang laro ayon sa pagkakataon. Kaya maglaro para magsaya: kung ikaw ay matalo, isipin na lang itong isang gastos para sa libangan.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano laruin ang mga table games, magtanong sa Table Game Dealer o bumisita sa GameSense Info Centre sa lugar na ito o sa GameSenseAB.ca.